


Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan-Modyul 5:

Pagbibigay ng Konklusyon sa Pagtugon
ng mga Pangulo sa Suliraning
Kinaharap ng Bansa Pagkatapos ng
Ikalawang Digmaang Pandaigdig



PAG-AARIN NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Araling Panlipunan- Ikaanim na Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Module 5: Pagbibigay ng Konklusyon sa Pagtugon ng mga Pangulo sa Suliraning Kinaharap ng Bansa Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

First Edition, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Visitacion B. Tajanlangit		
Tagaguhit:	Ronald V. Ares	Jemmanuel B. Jaballa	
Editor:	Joy B. Fernandez	Rizza Mae E. Flores	Ryan Alvarez
Tagasuri:	Jordan T. Beleganio	Ma. Analyn T. Villamor	Marlon C. Dublin
Tagalapat:	Mayo P. Villamor	Analee B. Alingco	Melanie Mae N. Moreno
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma	Josilyn S. Solana	
	Elena P. Gonzaga	Arlene G. Bermejo	
	Jerry A. Oquendo	Nenita P. Gamao	
	Donald T. Genine	Jordan T. Beleganio	
	Marlon C. Dublin		

Printed in the Philippines by _____
Department of Education – Region VI- Western Visayas

Office Address: Schools Division of Sagay City
Quezon St., Brgy Poblacion 1, Sagay City, Neg. Occ, 6122
Telefax: (034) 488-0415; 488-0416
E-mail Address: sagay.city001@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 5:

**Pagbibigay ng Konklusyon sa Paraan ng
Pagtugon ng mga Pangulo sa Suliraning
Kinaharap ng Bansa Pagkatapos ng
Ikalawang Digmaang Pandaigdig**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Binabati kita sa pagtapos mo ng mga aralin tungkol sa mga patakaran at programa ng iba't ibang Pangulo ng Pilipinas sa Ikatlong Republika. Nagustuhan mo ba ang kanilang mga patakaran at programa? Alin sa mga ito ang maihahambing mo sa mga patakaran at programa ng kasalukuyang administrasyon? Kung kayo ay sakaling mapili bilang Pangulo ng Pilipinas anu-anong patakaran at programa ang iyong ipapatupad at bakit?

Sa modyul na ito, ay bibigyan na natin ng konklusyon at pagpapahalaga ang mga patakaran at programa ng iba't ibang Pangulo ng Pilipinas sa Ikatlong Republika.

Pagkaraang masunod ang lahat ng gawain ay inaasahang magagawa mo na ang sumusunod:

- natatalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972
- napahahalagahan ang pamamahala ng mga naging pangulo ng bansa mula 1946 hanggang 1972
- nakabubuo ng konklusyon tungkol sa pamamahala ng mga nasabing pangulo



Subukin

Panuto: Isulat ang buong pangalan ng mga pangulo na nasa larawan. Gawin mo ito sa sagutang papel.

1



4




2



5



3



6




Aralin

1

Pagbibigay ng Konklusyon tungkol sa Paraan ng Pagtugon ng mga Pangulo sa Suliraning Kinaharap ng Bansa Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Hindi naging madali sa bawat Pangulo ang pagharap sa hamon sa kani-kanilang panunungkulan. Sa kabila nito matagumpay nilang naipatupad ang mga patakaran at programa upang mapabuti at mapaunlad ang Pilipinas.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga tanong. Isulat sa papel ang titik ng tamang sagot.

1. Anong programa ang pinatupad na ang pangunhing layunin ay magtipid at maging mataino sa paggasta ang pamahalaan at mga Pilipino?
 - a. Pilipino Muna
 - b. NAMARCO Act
 - c. Austerity Program
 - d. Filipino Retailer's Fund Act
2. Alin sa sumusunod ang pinairal na patakaran ni Pangulong Garcia?
 - a. "Ang Asya ay para sa Asyano"
 - b. "Ang Pilipinas ay maging dakila muli"
 - c. "Walang bagay na imposible kapag ginustong mangyari"
 - d. "Kung ano ang nakabubuti sa karaniwang tao ay nakabubuti sa bayan"
3. Alin sa sumusunod ang layunin ng patakarang "Pilipino Muna"?
 - a. Pagtitipid sa paggasta
 - b. Ipagmalaki ang lahing Pilipino
 - c. Pagtangkilik sa sariling produkto
 - d. Pangangalaga sa likas na yaman
4. Ano ang ipinatupad ni Pangulong Diosdado Macapagal para sa kapakanan ng mga magsasaka?
 - a. Kodigo sa Reporma sa Lupa
 - b. Murang Pabahay
 - c. Libreng Edukasyon
 - d. 4P's

5. Paano ipinalaganap ni Pangulong Diosdado Macapagal ang nasyonalismo sa bansa?
- Pagsuot ng baro't saya sa mahalagang okasyon
 - Pag-awit ng Lupang Hinirang nang may damdamin
 - Paggamit ng wikang Filipino sa mahahalagang dokumento at papeles
 - Pagbigay-galang sa watawat



Mga Tala para sa Guro

Inaasahan na gagabayan ng guro ang mag-aaral na bumuo ng konklusyon sa mga patakaran at programang ipinatupad ng mga napag-aralang pangulo ng bansa. Inaasahan din na matatalakay ang mga iba't-ibang paraan ng Pagtugon ng mga Pangulo sa Suliraning Kinaharap ng Bansa Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Tuklasin



Sinu-sino ang mga nasa larawan?

Anu-ano ang mga naiambag nila sa ating bansa?

Alin sa mga naiambag nila ang nakatulong sa pagtugon ng mga suliranin ng bansa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?




Suriin

May iba't-bang patakaran na inilusdad ang mga pangulo ng ating bansa upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

Mga Patakaran at Programa ng Pamahalaan	Layunin	Mga Pangulo
Pagsisiyasat sa likas na yaman ng bansa	Magtatag ng industriya na mangangalaga at lalinang sa likas na yaman ng bansa	Manuel Roxas
Pagpagawa ng mga lansangan, tulay at farm-to-market roads	Mapabilis ang transportasyon	Elpidio Quirino
Pagpapatayo ng bangko sentral at rural bank	Magpapautang ng kapital sa mga magsasaka	Elpidio Quirino
Pagpapatupad ng Magna Carta of Labor at Minimum Wage Law	Mapabuti ang kalagayan ng mga manggagawa	
Pagpapatayo ng mga poso at patubig sa mga baryo	Mapabilis ang pagunlad ng mga baryo	Ramon Magsaysay
Pagpapatayo ng Agricultural credit and Cooperative Financing Administration o ACCFA	Matulungan ang mga magsasaka sa pagbibili ng kanilang ani	

Paglulunsad ng Austerity Program	Magkaroon ng maayos at matipid na pamumuhay ang mga Pilipino at pamahalaan	Carlos P. Garcia
Pagpapairal ng Filipino First Policy	Nagbibigay prioridad sa mga Pilipino na paunlarin ang likas na yaman ng bansa, pagpapaunlad at pagtangkilik sa produktong Pilipino	
Pagpapatibay sa Kodigo sa Lupang Sakahan	Pag-alis sa sistemang <i>kasama</i>	Diosdado Macapagal
Paglunsad ng “Luntiang Himagsikan”	Matugunan ang pangangailangan sa pagkain	Ferdinand Marcos



Pagyamanin

Panuto: Ipakita sa pamamagitan ng pagguhit ang inyong konklusyon tungkol sa pamamahala ng mga nabanggit na pangulo. Gamitin ang Rubriks bilang gabay sa gawain. Gawin mo ito sa sagutang papel.

PAMANTAYAN	NAPAKAHUSAY 12-15 PUNTOS	MAHUSAY 8-11 PUNTOS	KAILANGAN PANG MAGSANAY 5-7 PUNTOS
PAGLALAHAD	Malinaw na nailahad ang mensahe.	Hindi gaanong malinaw ang mensahe.	Malabo ang mensahe.
KAWASTUAN	Wasto ang detalye ng mensahe.	May isa o dalawang mali ang detalye ng mensahe.	Mali ang mensahe.
KOMPLETO	Kompleto ang detalye ng mensahe.	May kulang sa detalye ng mensahe.	Maraming kulang sa detalye ng mensahe.
PAGKAKAGAWA	Napakamasining ng pagkakagawa.	Masining ang pagkakagawa.	Magulo ang pagkakagawa.
HIKAYAT	Lubhang nakahihikayat ang mensahe.	Nakahihikayat ang mensahe.	Hindi nakakahikayat ang mensahe.



Isaisip

- Lahat ng pangulo ay nagpatupad ng iba't-ibang batas at patakaran na nakakabuti sa ating bansa. Sa pamamagitan ng mabuting pamamahala at pagkakaroon ng malasakit sa mga mamamayan ang mga batas at patakarang ito ay naging matagumpay.
- Bawat pangulo ay nag – ambag para sa ikabubuti ng ating bansa sa pamamagitan ng mabuting pamamahala, isinantabi ang sariling kapakanan para sa ikabubuti ng nakararami.
- Ang bawat pangulo ay nagsumikap na makapagbigay ng sapat na serbisyo at angkop na programa upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap ng ating bansa.



Isagawa

Ilang taon mula ngayon, maaaring ikaw ay maging isang lider ng iyong barangay. Ipakita sa pamamagitan ng paggawa ng **tula** ang mga nais mong gawin sa ating bansa. Gamitin ang rubriks sa ibaba bilang gabay. Gawin mo ito sa sagutang papel.

Magaling (15)	Katamtaman (10)	Nangangailangan ng Pagsasanay (5)	NAKUHANG PUNTOS
Malalim at makahulugan ang kabuuan ng tula.	Bahagyang may lalim ang kabuuan ng tula.	Mababaw at literal ang kabuuan ng tula.	
Gumamit ng simbolismo/pahiwatig na nakapagpaisip sa mga mambabasa. Piling-pili ang mga salita at pariralang ginamit	Gumamit ng 1-2 simbolismo/pahiwatig na nakalito sa mga mambabasa. Ang mga salita ay di gaanong pili.	Wala ni isang pagtatangkang ginawa upang makagamit ng simbolismo.	
Gumamit ng napakahusay at angkop na sukat at tugma.	May pagtatangkang gumamit ng sukat at tugma ngunit halos inconsistent lahat.	Walang sukat at tugma kung may naisulat man.	
	KABUUANG PUNTOS		



Tayahin

Panuto: Gumawa ng isang sanaysay tungkol sa kahalagahan ng mga nagawa ng pangulo sa pagtugon sa mga suliraning kinaharap ng ating bansa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Gamitin ang rubrics bilang gabay sa gawain.

PAMANTAYAN	MAGALING (15)	KATAMTAMAN (10)	NANGANGAILANGA N NG PAGSISIKAP (5)	NAKUHA NG PUNTOS
NILALAMAN	Mayaman na katuturan ukol sa paksang inilalarawan at mapanghikayat sa mambabasa ang i slogan na ginawa.	May katuturan ukol sa paksang inilalarawan at mapanghikayat sa mambabasa ang islogan na ginawa.	May kaunting katuturan ukol sa paksang inilalarawan at di gaano mapanghikayat sa mambabasa ang islogan na ginawa.	
MALIKHAING PAGSULAT	Gumamit ng mga angkop na salita at estratehiya sa pagsulat ng tugma, metapora, at patudyong salita upang maging kaaya-aya ang islogan.	Gumamit ng mga hindi masyadong angkop na salita at estratehiya sa pagsulat ng tugma, metapora, at patudyong salita kaya hindi naging kaaya-aya ang islogan.	Ang mga salita at estratehiya sa pagsulat ng tugma, metapora, at patudyong salita ay hindi angkop . Hindi kaaya-aya ang islogan.	
TEMA	Angkop ang islogan sa tema ng paksa.	Hindi gaano angkop ang islogan sa tema ng paksa.	Malayo sa tema ang islogan.	
KABUUANG PUNTOS				



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Balikan	Tayahin
Katotohanan	A	Tama
Opinyon	C	Tama
Katotohanan	C	Mali
Katotohanan	C	Tama
Katotohanan	D	Tama

Sanggunian

Michael DC. Rama* Florencia c. Domingo, Ph. D.* Jennifer G. Rama* Jayson A. Cruz, *Pilipinas Isang Sulyap at Pagyakap, Araling Panlipunan 1, Batayang Aklat*, 226-247

Ailene G. Baisa-Julian and Nestor S. Lontoc, *Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino, Batayang Aklat sa Ikaanim- na Baitang* Quezon City; Phoenix publishing House Inc.2016,231-271.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon –Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1072; 634-1054 o 631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph